# Paano ang Pagkatakot sa Diyos sa pagpapaunlad sa ating Buhay

"1 Magkaingay kayong may kagalakan sa Dios, buong lupa.2 Awitin ninyo ang kaluwalhatian ng kaniyang pangalan: paluwalhatiin ninyo ang pagpuri sa kaniya.3 Inyong sabihin sa Dios, napaka kakilakilabot ng iyong mga gawa! Sa kadakilaan ng iyong kapangyarihan ay magsisuko ang iyong mga kaaway sa iyo.4 Buong lupa ay sasamba sa iyo, at aawit sa iyo; sila'y magsisiawit sa iyong pangalan. (Selah)5 Kayo ay magsiparito, at tingnan ninyo ang mga gawa ng Dios; siya'y kakilakilabot sa kaniyang gawain sa mga anak ng mga tao.6 Kaniyang pinagiging tuyong lupa ang dagat: sila'y nagsidaan ng paa sa ilog: doo'y nangagalak kami sa kaniya. 7 Siya'y nagpupuno ng kaniyang kapangyarihan magpakailan man: papansinin ng kaniyang mga mata ang mga bansa: huwag mangagpakabunyi ang mga manghihimagsik. (Selah)8 Oh purihin ninyo ang ating Dios, ninyong mga bayan, at iparinig ninyo ang tinig ng kaniyang kapurihan:9 Na umaalalay sa ating kaluluwa sa buhay, at hindi tumitiis na makilos ang ating mga paa.10 Sapagka't ikaw, Oh Dios, tinikman mo kami: Iyong sinubok kami na para ng pagsubok sa pilak.11 Iyong isinuot kami sa silo; ikaw ay naglagay ng mainam na pasan sa aming mga balakang.12 Iyong pinasakay ang mga tao sa aming mga ulo; kami ay nangagdaan sa apoy at sa tubig; nguni't dinala mo kami sa saganang dako.13 Ako'y papasok sa iyong bahay na may mga handog na susunugin, aking babayaran sa iyo ang mga panata ko,14 Na sinambit ng aking mga labi, at sinalita ng aking bibig, nang ako'y nasa kadalamhatian.15 Ako'y maghahandog sa iyo ng mga matabang handog na susunugin, na may haing mga tupa; ako'y maghahandog ng mga toro na kasama ng mga kambing. (Selah)16 Kayo'y magsiparito at dinggin ninyo, ninyong lahat na nangatatakot sa Dios, at ipahahayag ko kung ano ang kaniyang ginawa sa aking kaluluwa.17 Ako'y dumaing sa kaniya ng aking bibig, at siya'y ibinunyi ng aking dila.18 Kung pinakundanganan ko ang kasamaan sa aking puso, hindi ako didinggin ng Panginoon:19 Nguni't katotohanang dininig ako ng Dios; kaniyang pinakinggan ang tinig ng aking dalangin.20 Purihin ang Dios, na hindi iniwaksi ang aking dalangin, ni ang kaniyang kagandahang-loob sa akin." (Awit 66:1-20)

Ang awit na ito ay awit para sa pagpapasalamat at pagbibigay ng nga papuri sa Diyos para sa lahat ng dakilang mga bagay na ginawa ng Diyos sa lahat ng mga tao sa pangkalahatan at sa partikular para sa Kanyang kabutihan sa Kanyang simbahan at para sa Kanyang sariling bayan sa pagsagot sa kanilang mga panalangin at pagliligtas sa kanilang buhay.

"1 Magkaingay kayong may kagalakan sa Dios, buong lupa. Lahat ay tinawag upang magkaingay na may kagalakan sa Panginoon, ang buong lupa at ang buong mga bansa, sapagka't Siya at mabuti sa lahat ng tao; Nilikha Niya tayo at pinuno Niya ang lahat ng bi big ng may mabubuting bagay.

"2 Awitin ninyo ang kaluwalhatian ng kaniyang pangalan: paluwalhatiin ninyo ang pagpuri sa kaniya." Awitin ninyo ang kaluwalhatian ng Kanyang pangalan, ang Kanyang kahalagahan, para sa Kanyang kaligtasan, sa Kanyang katarungan at kahatulan, ang Kanyang katuwiran, ang Kanyang kagalingan at ang Kanyang mga himala. Ang lahat ng mga ito ay mabuting dahilan para papurihan ang Panginoon.

"3 Inyong sabihin sa Dios, napaka kakilakilabot ng iyong mga gawa! Sa kadakilaan ng iyong kapangyarihan ay magsisuko ang iyong mga kaaway sa iyo." Ang mangaawit ay sinabi sa Diyos, "napaka kakilakilabot ng iyong mga gawa! " Ang mangaawit ay naunawaan at napagtanto na ang Diyos kapag kumilos ay gagawa ng kakila-kilabot. At ang kakilakilabot na gawa ng Diyos ay may dakilang kapangyarihan ng Diyos at harapin ang Kanyang kakilakilabot na gawa sila'y pinipilit na ipasailalim ang kanilang sarili sa Kanya at sa Kanyang kalooban.

"4 Buong lupa ay sasamba sa iyo, at aawit sa iyo; sila'y magsisiawit sa iyong pangalan. (Selah) Ito ay makahulang mensahe na ang lahat ng mga bansa sa huli'y sasamba sa Diyos at papurihan ang Kanyang Anak, na si JesuCristo, ang ating Panginoon. Ang ebanghelyo ay ipapangaral sa lahat ng mga bansa, "6 At nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may mabuting balita na walang hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa, at sa bawa't bansa at angkan at wika at bayan; 7 At sinasabi niya ng malakas na tinig, Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya; sapagka't dumating ang panahon ng kaniyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig." (Pahayag 14:6-7) Ang ebanghelyo ay ipapangaral at ang kakilakilabot na gawa ng Diyos ay magbibigay ng takot sa Diyos sa lahat ng mga bansa, na sa huli'y magbibigay kaluwalhatian sa Kanya at sasamba sa Kanya. Kapag sila'y nagsimulang matakot sa Diyos, babasahin nila ang Salita ng Diyos at aawit ng mga salmo, magbibigay papuri sa Kanya at sasamba aa Kanya at maglilingkod sa Kanya.

"5 Kayo ay magsiparito, at tingnan ninyo ang mga gawa ng Dios; siya'y kakilakilabot sa kaniyang gawain sa mga anak ng mga tao." Habang nakikita natin ang gawa ng Diyos magkakaroon tayo ng maraming dahilan para papurihan ang Panginoon. Sa Bersekulo 3 ang mangaawit ay naunawaan ang kakilakilabot na gawa ng Diyos, at inaanyahahan niya sa iba at sinasabi sa kanila, "Kayo ay magsiparito, at tingnan ninyo ang mga gawa ng Dios;" Ikaw ay inaanyahahan upang lumapit ng malapitan at suriin at makita ang kakilakilabot na mga gawa ng Diyos, upang makilala ang kakilakilabot na kalikasan na mga gawa at pagkilos ng Diyos at bilang kapalit pagkatapos mong maranasan iyon, "Inyong sabihin sa Dios, kakilakilabot ng iyong mga gawa! " Gaya ng sinabi ng Mang-aawit sa Diyos sa bersekulo 3.

Ang ibang kahulugan ng salitang kakila-kilabot ay katakut-takot, kasindak-sindak, napakasama, nakapaghihilakbot, dukha, nakakatakot, nakakagulat, nakakatakot, nakakakilabot, malala, sukdulan, malubha, libingan at sukdulan. Ang salungat na kahulugan ng kakila-kilabot ay maamo, kaaya-aya at kahanga-hanga. Kaya't mula sa ganyang pagsasalarawan kailangan mong maunawaan na ang kalikasan ng Diyos sa paggawa ay nakakatakot at Siya ay nasa likod at sa pagpigil sa lahat ng nakamamanghang mga karanasan, ng digmaan, mga lindol, mga baha, bagyo, tsunamis, mga bulkan, at ng mga pandemya, na pinagdaraanan ng sanglibutan. Ilan sa mga tao kapag nakita ang ganoong mga bagay na nangyayari sila'y nagtatanong, Nasaan ang Diyos? Ngunit hindi nila alam na ang Diyos ay ginagawa ang lahat ng

mga kakila-kilabot na mga pangyayaring ito upang magpakumbaba at wasakin ang pagmamataas ng mga tao, upang ihanda ang kanilang mga puso na dinggin at sundin ang Salita ng Diyos.

Ang Diyos ay nasasaktan laban sa mga sumasalungat laban sa Kanyang kalooban. Kaya't ang simbahan na masunurin sa Diyos at nagpapasakop sa Kanyang Salita at sa Kanyang kalooban, sa gayon ang ganyang simbahan ay matatagpuan na ang Diyos ay isang kilabot, laban sa anumang kaaway na magbabangon laban sa Kanyang simbahan. Nang lumisan ang bayan ng Diyos sa Egipto, Ang Diyos ay kakila-kilabot na takot sa kanilang mga kaaway. Ang mga kaaway ng bayan ng Diyos ay natakot nang marinig kung paano binuksan ng Diyos ang dagat sa harapan nila upang dumaan sa tuyong lupa at iniwan niya ang mga sundalo ni Paraoh na nalunod sa tubig, "14 Narinig ng mga bayan; at sila'y nanginig: Mga sakit ang kumapit sa mga taga Filistia.15 Nang magkagayo'y natulig ang mga pangulo sa Edom; Sa matatapang sa Moab, ay panginginig ang sumasakanila: Lahat ng taga Canaan ay nauubos." (Exodu 15:114-15) Ang mga kaaway ng bayan ng Diyos ay natakot na marinig kung paanong tinuyo ng Diyos ang lupa sa Jordan para hayaan ang Kanyang bayan na dumaan sa tuyong lupa, "1 At nangyari, nang mabalitaan ng lahat ng mga hari ng mga Amorrheo na nasa dako roon ng Jordan sa dakong kalunuran, at ng lahat ng mga hari ng mga Cananeo, na nangasa tabi ng dagat, kung paanong tinuyo ng Panginoon ang tubig ng Jordan sa harap ng mga anak ni Israel, hanggang sa kami ay nangakatawid, na nanglumo ang kanilang puso, at sila'y nawalan ng loob dahil sa mga anak ni Israel." (Joshua 5:1)

"6 Kaniyang pinagiging tuyong lupa ang dagat: sila'y nagsidaan ng paa sa ilog: doo'y nangagalak kami sa kaniya." Ang bayan ng Diyos pagkatapos nilang lumisan sa Egipto sila'y dumaan sa tuyong dagat at tuyong ilog ng Jordan para tumawid sa lupang pangako, naroon ang kanilang mga ninuno nagalak sa Kanya, at at sila ang kanilang mga balakang, doon ginawa nilang magalak sa Kanya.

"7 Siya'y nagpupuno ng kaniyang kapangyarihan magpakailan man: papansinin ng kaniyang mga mata ang mga bansa: huwag mangagpakabunyi ang mga manghihimagsik. (Selah)" Nakita ng Diyos ang lahat ng mga bansa sa ilalim ng langit, at pinamununa Niya ang lahat sa kanila sa ilalim ng Kanyang kapangyarihan. Kaya't huwag hayan na ang mga may pusong suwail na maglakas-loob na magbangon laban sa Diyos. Siya ay nagbabala sa kanila. Kaya't magpakumbaba ang nagmamataas sa harapan ng Diyos at matakot sa Kanya upang iwasan ang kaparusahan ng Diyos.

"8 Oh purihin ninyo ang ating Dios, ninyong mga bayan, at iparinig ninyo ang tinig ng kaniyang kapurihan:" Ang Mangaawit ay tinatawag ang bayan ng Diyos, ang Kanyang simbahan upang pagpalain ng Diyos. Alam ng mangaawit na mayroong ibang mga tao kasamay Niya na kilala ang Diyos at silang kumakapit sa Kanyang pagibig at habag. Ang pagtawag ay para pagpalain ang Diyos, at kapag tayo'y pinagpala Niya iparinig ninyo ang tinig ng kaniyang kapurihan: Nararapat sa Diyos na tanggapin ang mga papuri mula sa atin, sapagka't tinubos Niya tayo mula sa ating mga kapighatian, nakipaglaban sa ating mga pakikibaka at winasak ang ating mga kaaway. Ipinadala Niya ang Kanyang Anak, si JesuCristo, na namatay para sa ating mga kasalanan, at iniligtas tayo, kaya't nararapat sa Kanya ang ating mga papuri. Sa susunod na mga bersekulo, 9-12, ay makikita kung paanong pinahintulutan tayo , tayo na Kanyang simbahan, na dumaan sa mga pagsubok at mga kaguluhan upang patunayan sa atin at pasakdalin ang ating pananampalataya at itatag sa atin ang takot sa Panginoon.

"9Na umaalalay sa ating kaluluwa sa buhay, at hindi tumitiis na makilos ang ating mga paa." Pinapapala sa atin ng Diyos at pinupuri natin Siya dahil pinaprotektahan Niya tayo at iniligtas tayo mula sa malaking mga kaguluhan. Inaalalayan Niya ang ating mga kaluluwa; kapag tayo'y handang mapahamak. Itinaas Niya ang ating mga kaluluwa at tayo'y ligtas sa Kanyang kamay kahit na tayo'y dumadaan sa pagpuksa sa mga kagukuhan at pagpuksa sa mga karamdaman. Hindi Niya pinaghirap ang ating mga paa na kumilos, pinatili tayo mula sa pag pagbagsak sa maraming hindi nakakitang mga kasamaan na wala tayong kamalayan.

"10 Sapagka't ikaw, Oh Dios, tinikman mo kami: Iyong sinubok kami na para ng pagsubok sa pilak." Ang mga pagsubok at kaguluhan na ipinapahintulot ng Diyos sa atin na pagdaanan ay upang patunayan sa atin, pasakdalin ang ating pananampalataya, linisin tayo at pabanalin tayo habang ang pilak ay dinalisay at pinatunayan.

"11 Iyong isinuot kami sa silo; ikaw ay naglagay ng mainam na pasan sa aming mga balakang." Habang ang ibon ay nahuli sa kanyang silo, ipinahintulot sa atin ng Diyos na masilo at ilagay ang mainam na pasan at kabigatan sa ating balakang. Ang pasan ay magdadala ng kabigatan sa katawan. Ngunit nang sinabi Niya, "pasan sa ating balakang. Ibig sabihin pasan sa kaluluwa, sa pakiramdam, sa ating mga anak at sa ating mga inapo, sa mga hindi pa ipinapanganak, na nasa ating balakang.

"12 Iyong pinasakay ang mga tao sa aming mga ulo; kami ay nangagdaan sa apoy at sa tubig; nguni't dinala mo kami sa saganang dako." Iyong pinasakay ang mga tao sa aming mga ulo;" ibig sabihin nito ang panghahamak, ang pangaabuso at ang kahihiyan na hinayaan ng Diyos sa atin at sa paulit-ulit na paraan kung saan ang katapusan ng ating kaguluhan ay ang pasimula sa iba. Sa ilang panahon hinayaan ng Diyos ang pagsubok pagkatapos ng pagsubok, suliranin pagkatapos ng suliranin. Ginawa Niya iyon upang magpakumbaba tayo. Ang apoy at tubig, ay maaring mapanganib na mga tao na lulusob sa atin, o ang disiplina ng Diyos sa atin, o pagharap sa paguusig. Lahat ng mga kaguluhang ito ay upang dalisayin ang simbahan, at kapag ang layunin ay upang dalisayin ang simbahan ay makamit; sa gayon ito'y magtatapos sa "isang saganang dako", isang dako ng kasaganaan; ang buhay muli ay magiging matamis at ang papuri ay tataas muli mula sa ating mga bibig patungo sa langit. Hinayaan Niya ang tao upang makasama natin upang magpakumbaba tayo at durugin ang pagmamataas at linisin tayo mula sa ating mga kasalanan. Ang layunin ng Diyos sa lahat ng mga pagsubok na ito ay magtatapos sa paggawa ng bagong tao na matatakot sa Diyos, at na nagsasalarawan sa sumusunod:

1. "13 Ako'y papasok sa iyong bahay na may mga handog na susunugin, aking babayaran sa iyo ang mga panata ko," Ang tao na natatakot sa Diyos ay ang tao na may alam at magbibigay parangal sa simbahan ng Diyos. Alam niya na dapat niyang iaalay ang kanyang

paghahandog sa publiko na bawat isa ay makikilala na siya ay natatakot sa Diyos at lumakad sa mga paraan ng Diyos. Kusang loob at walang sapilitan na siya ay pupunta sa simbahan ng Diyos; ang kanyang sarili ay kusang loob na pumunta sa bahay ng Diyos upang dalhin:-

A. Ang Kanyang sinunog na handog: Ang kahulugan ng sinunog na handog ay ang buong pagsuko sa Diyos. Ito ay paggawa ng kusang loob, pagbibigay ng iyong buhay, ng iyong kalooban at ng iyong materyal na pagaari kusang loob sa Diyos.
B- Ang Kanyang panata,: Ang mga panata na kanyang ipinangako upang tuparin sa Diyos. "14Na sinambit ng aking mga labi, at sinalita ng aking bibig, nang ako'y nasa kadalamhatian." Habang tayo'y nagdaraan sa mga kadalamhatian pipilitin tayo ng Diyos na magpakumbaba, at aakyin tayong makagawa ng mahalagang desisyon sa anyo ng mga panata na kailangan nating tuparin kapag tayo'y pinaginhawa ng Diyos.

2. "15 Ako'y maghahandog sa iyo ng mga matabang handog na susunugin, na may haing mga tupa; ako'y maghahandog ng mga toro na kasama ng mga kambing. (Selah)" ibig sabihin sakdal na mga handog ng walang depekto, na hindi lumpo o walang sandalan, ngunit ang pinaka pakain na mga hayop. "na may haing mga tupa" ang tupa ay ibinigay ng Panginoon si JesuCristo at ang samyo ay ating mga panalangin. Walang kahulugan para sa ating mga handog kung sila'y wala sa pangalan ni Jesus, at sumabay ayon sa Kanyang Salita.

3. "16 Kayo'y magsiparito at dinggin ninyo, ninyong lahat na nangatatakot sa Dios, at ipahahayag ko kung ano ang kaniyang ginawa sa aking kaluluwa." Ang tao na natatakot sa Diyos ay tatawag sa iba na matakot sa Diyos, ang simbahan, na makilahok sa kanya upang papurihan ang Diyos at tulungan siya sa pagbibigay pasasalamat sa Diyos. Kailangan nating ibahagi ang ating katagumpayan at mga patotoo sa mga natatakot sa Diyos, at sabihin sa kanila ang mabubuting bagay na ginawa ng Diyos sa atin.

4. "17Ako'y dumaing sa kaniya ng aking bibig, at siya'y ibinunyi ng aking dila." Ang bagong tao na natatakot sa Diyos ay nagpapatotoo sa simbahan na ang mga pagsubok na ipinahintulot ng Diyos na pagdaanan niya ay sapilitan para sa kanya upang magsisi mula sa mga kasalanan; ang kanyang pagsigaw sa Diyos ay isang pag-iyak ng pagsisisi, at habang siya ay nagsisisi, ang Diyos ay itataas at maluwalhati sa pagtataas ng pagpupuri sa Kanya.

5. "18 Kung pinakundanganan ko ang kasamaan sa aking puso, hindi ako didinggin ng Panginoon:" Ngayon ang bagong taong ito ay nalalaman na kung kanyangng iniingatan ang kasalanan sa kanyang puso at pinapanatili ito sa kanyang buhay sa gayon hindi sasagutin ang kanyang mga panalangin. Ang bagong tao na natatakot sa Diyos ay may kasiguraduhan ng pagpapatawad at kaligtasan.

"19 Nguni't katotohanang dininig ako ng Dios; kaniyang pinakinggan ang tinig ng aking dalangin." Dininig ng Diyos ang kanyang mga panalangin binigyan siya ng kasiguraduhan ng pagpapatawad at pagpapakintulot para sa kanyang katuwiran na kanyang isinasabuhay at sa gayon napagtanto niya ang awit, "20 Purihin ang Dios, na hindi iniwaksi ang aking dalangin, ni ang kaniyang kagandahang-loob sa akin." Sinagot ng Diyos ang kanyang mga panalangin sapagkat hindi tumaliko ang Diyos za Kanyang awa mula sa kanya. Kaya't ang Diyos ay magiging mabuti sa atin kapag tayo ay sumusunod sa Kanya hindi dahil tayo ay mabuti ngunit dahil Siya ay mabuti at maawain.

Sa aking mahal at minamahal: Habang binasa mo at narinig ang mensahe; tuklasin kung nasaan ka ngayon sa iyong paglalakbay at paglakad sa Diyos; ang awit na ito ay mabuting salamin para sa iyo upang makita kung nasaan ka sa iyong espirituwal na paglalakbay sa Diyos. Ang Diyos ay gagawa ng bagong tao mula sayo, isang tao na matatakot sa Diyos at tatalima sa kalooban at plano ng Diyos. Ang masakit na pagsubok at ang masakit na disiplina at ang paghihigpit na pinadaraanan mo ay paglikha sa iyo sa isang bagong tao ng Diyos na matatakot at lalakad ng matapat sa mga kaparaanan ng Panginoon. Kaya't ipangako ang ating sarili ngayon sa Diyos at maging handa na sumailalim sa natitirang bahagi ng iyong paglalakbay sa Diyos hanggang matapos Niya sayo.

Tayo ay tumayo. Lumapit sa Diyos, lumapit sa pagsisisi, at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan at pagkukulang.

Talikuran ang iyong masasamang paraan

at isuko ang iyong buhay at iyong puso at kahit ang lahat ng mga plano mo sa Diyos. Magtiyaga sa masakit na mga pagsubok na ikaw ay nagdaraan sa iyong buhay. Ginagawa ng Diyos sa iyon ang isang tunay na tao ng Diyos, isang tao na gagawin ang lahat kung ano ang hinahangad Niya sayo upang gawin at kamitin ang pinaka layunin ng Diyos.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos Ako'y lumalapit sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita na nagawa kong maunawaan ang buhay at ang aking pinagdaaranan.

Panginoon ako'y patawarin mula sa sumusunod na mga kasalanan.

Panginoon aking isninusuko ang lahat ng masasamang kinagawian, makasalanang mga paraan at ng aking sariling kaunawaan.

Panginoon aking isinusuko ang aking buhay at ang lahat ng aking mga plano sayo. Panginoon ako'y narito, Ako'y handang sumunod sayo at pumunta sa mga plano na mayroon ka sa akin.

Panginoon aking ipinapangako ang aking buhay sa iyong kamay upang linisin ako at pabanalin ako at gawin akonng bagong tao na natatakot sayo at tumalima sa iyong kalooban. Panginoon itaas ako ng iyong biyaya at aking mga papuri ay magmumula sa aking bibig habang aking nasaksihan ang iyong dakilang gawa sa aking buhay.

Panginoon pagpalain ang iyong simbahan, pagpalain ang isa at bawat kapatid na lalaki at babae, at magpatuloy sa paggawa sa isa at bawat buhay na matakot sayo at maging handa na lumakad sa lahat ng iyong mga paraan.

Panginoon pangunahan kami sa direksyon na nais mong puntahin. Panginoon harapin ang aming mga kaaway at pakumbabain sila. Panginoon ibigay ang lahat ng pangangailangan ng iyong simbahan. Panginoon pusposin kami ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan natin para maglingkod sayo. Panginoon sa mga nagsisi pusposin mong muli ng Banal na Espiritu upang sila'y magpatuloy na maglingkod sayo. Panginoon tulungan kami na magebanghelyo at abutin ang Nawawala. Panginoon tulungan kami na manalangin para sa kanila tungkol sa iyong kabutihan at katapatan, na sila'y maniniwala at maliligtas.

Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com